JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Iksaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# HEALTH

## Ikatlong Markahan – Modyul 1:
## PAMIMILING PANGKALUSUGAN



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: __________________________________

Paaralan: __________________________________



# Alamin

Ang mamimili ay tumutukoy sa isang taong gumagamit ng impormasyon, produkto at serbisyo na mahalaga sa kalusugan. Mahalaga ang pamimiling pangkalusugan. Kailangan nating mgdesisyon nang tama sa mga uri ng pagkain at bagay na ating bibilhin dahil maaring makaapekto ang mga ito sa ating kalusugan. Pinipili natin ang mga produkto, serbisyo at kaalaman batay sa nakikita nating patalastas at sariling kagustuhan.

Dito, matututuhan mo kung paano maging matalinong mamimili upang makapagdesisyon nang tama para mapangalagaan mo ang iyong kalusugan.

Sa modyul na ito, inaasahan na makakamit mo ang sumusunod na layunin:

A. Nabibigyang kahulugan ang salitang mamimili\konsyumer. **(H3CH-IIIab-2)**

B. Naipaliwanag ang mga bahagi ng pamimiling pangkalusugan (**H3CH-IIIab-2**);

B. Natatalakay ang iba't ibang salik na nakakaimpluwensiya sa pagpili ng produkto at serbisyo (**H3CH-IIIbc-4**); at

C. Nailalarawan at naipakikita ang kakayahan ng isang matalinong mamimili (**H3CH-IIIde-5**).



# Subukin

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod na tanong at isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

___1. Sino ang bumibili ng mga gamit para sa kaniyang sariling pangangailangan?

A. mamimili  B. nagtitinda  C. negosyante  D. naglalako

___2. Sino sa mga ito ang matalinong mamimili?

A. Si Salve ay sumasangguni sa kaniyang ina bago bumili ng isang bagay.

B. Si Minerva ay bumibili ng mga bagay ng hindi naman niya kailangan.

C. Si Emong ay walang pakialam sa presyo/halaga ng laruang binibili niya.

D. Tinatanong muna ni Zaldy ang presyo ng t'shirt bago niya ito bilhin.

___3. Sino sa sumusunod ang mapagkukunan ng impormasyon pangkalusugan?

A. Basketbolista B. Doktor C.Hardinero D. Dyanitor




# Balikan

**Panuto:** Lagyan ng tsek (/) ang mga kahon na nagpapakita ng mga gamit pangkalusugan at (X) naman kung hindi.








# Tuklasin

Sa palengke, nakakita ka ng patalastas tulad ng nasa larawan. Bibilhin mo ba ito? Bilugan ang sagot mo at sabihin ang dahilan sa loob ng kahon.




Oo/ Hindi, kasi......

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



## Suriin

Ang mamimili ay tumutukoy sa isang taong gumagamit ng impormasyon, produkto at serbisyo na mahalaga sa kalusugan. May tatlong component ang pamimiling pangkalusugan;

1. Ang ***Impormasyong pangkalusugan*** ay nanggagaling sa iba't ibang mapagkukunan ng kaalaman tungkol sa kalusugan. Ang mga halimbawa ay dyaryo, magasin, media at marami pang iba.

2. Ang ***Produktong pangkalusugan*** ay mga pagkain at bagay na ginagamit natin sa ating katawan tulad ng mga shampoo, toothpaste, sabon at marami pang iba.

3. Ang ***Serbisyong pangkalusugan*** ay mga tao, ahensya at establisyimento na mapagkukunan ng kaalaman at serbisyo tungkol sa kalusugan. Halimbawa ay mga doktor, barangay health workers, nars, dentist, ospital, botika, klinika at marami pang iba.

May mga salik na nakakaimpluwensya sa pagpili ng mga produkto at serbisyong pangkalusugan. Ito ay ang ating pamilya, kakayahang pinansiyal, *media* at mga kaibigan.

Ang pagpili ng mga produkto na gagamitin ng pamilya ay karaniwang ginagawa ng magulang dahil sila ang responsible sa pagbabadyet, pamamahala at paghahanap ng mga kailangan ng pamilya.

Ang kakayahang pinansiyal ay ang halaga ng produkto at serbisyong kayang bayaran ng isang mamimili. Ang pagpili o pagbili ng mga produkto at pagkonsulta sa serbisyong pangkalusugan ay nakadepende sa kinikita ng mamimili.


Ang mass media ay ang paraang gamit upang maipahayag ang impormasyon sa publiko tulad ng telebisyon, radyo, billboard, magasin, sine, posters at internet.

Ang matalinong mamimili ay pumipili ng mas murang halaga. Kinukumpara niya ang halaga, tibay, gamit at kahalagahan. Ang matalinong mamimili ay nagtatanong ng impormasyon ukol sa produkto o serbisyo.



## Pagyamanin


**Panuto:** Tukuyin ang larawan kung ito ay nakakaimpluwensiya sa pagpili ng produkto o serbisyong pangkalusugan. Isulat sa tabi ng larawan kung ito ay <u>pamilya</u>, <u>medya</u>, <u>kaibigan</u> at <u>halaga.</u>

| | |
|---|---|
| 1.  | |
| 2.  | |
| 3.   | |



## Isaisip

**Panuto**: Ilarawan ang matalinong mamimili. Isulat sa kahon ang iyong sagot.






## Isagawa

**Panuto:** Pag-aralan ang mga salita sa loob ng kahon at isulat ang mga ito sa hanay ng kinabibilangan nitong sangkap sa ibaba.



doktor





sabon



lapis





dyaryo shampoo restaurant


| Impormasyong pangkalusugan | Serbisyong pangkalusugan | Produktong pangkalusugan |
|---|---|---|
| 1.<br>2. | 1.<br>2. | 1.<br>2. |





# Tayahin

**Panuto:** Basahin ang mga sumusunod. Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

_____1. Saan ka pupunta kung nais mong bumili ng gamot?

A.  B. 

C. 

D. 

_____2. Si Gng. Nena ay nagpunta sa ospital. Tinanong niya kung sino ang mahusay na doctor. Siya ay ______________.

A. naghahanap ng mura
B. nagkukumpara ng serbisyo
C. nagpaplano
D. nagtatanong ng impormasyon

_____3. Ang mga kaibigan ni Nora ay mahilig kumain ng banana cue. Binibigyan siya ng kanyang kaibigan sa tuwing sila ay kakain nito. Sino ang naghikayat sa kanya na kumain ng banana cue?

A. magulang B. kaibigan C. kapitbahay D. kaklase

____4. Si Fred ay bibili ng espesyal na sabon para sa kanyang allergy. May nag-alok ng bagong sabon sa mas mababang halaga. Binili niya ito na lingid sa kaalaman ng kanyang ina. Anong uri ng mamimili si Fred?

A. matalinong mamimili
B. magastos na mamimili
C. nagkukumpara ng serbisyo
D. matipid na mamimili

____5. Si nanay ay nasa panaderya, tinitingnan nito ang petsa kung hanggang kailan ligtas kainin ang tinapay. Bakit niya ito ginagawa?

A. dahil kailangan niya ng maraming tinapay
B. dahil gusto niya ng bagong tinapay
C. dahil nais niyang maging ligtas ang kaniyang pamilya
D. dahil gusto niya ng tinapay para sa kaniyang mga anak



# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Sumulat ng maikling talata tungkol sa iba't ibang salik na nakakaimpluwensiya sa mga mamimili.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

Rubriks :

| Mga Krayterya | 1 | 2 | 3 | 4 |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Maraming kakulangan sa nilalaman ng talata | May ilang detalye na hindi dapat isama sa talata | Wasto ang mga detalye nakasaad sa talata | Organisado at sinuring mabuti ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya o kaisipan |
| Presentasyon | Mahirap basahin, hindi maayos at malinis ng pagkasulat | May kahirapang unawain ang pagkakasulat ng pangungusap | Malinis ngunit hindi lahat ay maayos ang pagkakasulat ng pangungusap | Malinis at maayos ang pagkakasulat ng talata |



# Susi sa Pagwawasto

1. A
2. D
3. B

1. SABON
2. TOOTHBRUSH
3. MASK

1. PAMILYA
2. MEDYA
3. MEDYA

**Isagawa**

| | | |
|---|---|---|
| Impormasyong pangkalusugan | Serbisyong pangkalusugan | Produktong pangkalusugan |
| Dyaryo | Doctor<br>Restaurant | Sabon<br>shampoo |

**Isaisip**

1. halaga
2. kaibigan
3. halaga


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Nor-Ana B. Lawama
Clairiefel C. Awis
Raheema A. Elang

**Editor:**

**Tagasuri:**

**Tagaguhit:** Janice B. Abducarim

**Tagalapat:** Emil I. Jaquias

**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS Isabela City